# Mga Patnubay sa Pag-isolate dahil sa Mpox

Mga tagubilin para sa mga taong nagpositibo sa orthopoxvirus o mpox virus.

Mag-isolate hanggang sa mawala na ang mga sugat, natuklap na ang mga langib, at may nabuo nang bagong layer ng balat (karaniwang 2-4 linggo).

Manatili sa bahay maliban kung kinakailangan para sa mga emergency o follow-up sa pangangalagang medikal.

Kung maaari, gumamit ng hiwalay na banyo kung may iba pang nakatira sa iisang sambahayan.

Magsuot ng mask o respirator na maayos ang pagkakalapat kung kailangan mong makasama ang ibang tao sa bahay.

Regular na linisin at i-disinfect ang mga karaniwang hinahawakang bagay gamit ang disinfectant na rehistrado sa Ahensya ng Pagprotekta sa Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA).

Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig at gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

Umiwas sa lahat ng sekswal na aktibidad.

Iwasan ang malapitang kontak sa ibang tao at mga alagang hayop sa bahay.

Iwasan ang paggamit ng mga contact lens upang maiwasan ang impeksyon sa mata.

Iwasan ang pag-ahit sa mga bahagi ng katawan na may paltos o sugat upang maiwasan ang pagkalat ng virus.

NJ Health
New Jersey Department of Health

Hinango mula sa Centers for Disease Control and Prevention.
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang nj.gov/health/monkeypox.

6/1/24